


Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 5:
Heograpiyang Taglay,
Biyayang Tunay



Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 5: Heograpiyang Taglay, Biyayang Tunay

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Jason H. Hadap
Editor:	Ma. Leilani R. Lorico Mary Roselyn D. Berja
Tagasuri:	Ana N. Calisura Jerry P. Ramirez
Tagaguhit:	Noel A. Perez
Tagalapat:	Edsel D. Doctama John Paul T. Dacillo
Tagapamahala:	Gilbert T. Sadsad Francisco B. Bulalacao Jr. Grace U. Rabelas Ma. Leilani R. Lorico Marites B. Tongco

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Telefax: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 5:

Heograpiyang Taglay,

Biyayang Tunay

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na it ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalaala, pantulong o estratihyang magagamit ng mga magulang o kung simumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mga mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat Gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat din ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makakaranas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mga mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa nakaraang aralin, natutunan mo ang kaugnayan ng lokasyon sa heograpiya ng Pilipinas. Sa modyul ito ay palalawigin ang iyong kaalaman tungkol sa pagkakakilanlang heograpikal ng Pilipinas.

Pamantayang Pangnilalaman

Naipamamalas ang pang-unawa sa pagkakakilanlang heograpikal ng Pilipinas.

Pamantayan sa Pagganap

Ang mag-aaral ay malalaman ang pagkakakilanlang heograpikal ng Pilipinas sa pamamagitan ng heograpiyang pisikal at heograpiyang pantao nito.

Pamantayan sa Pagkatuto

Pagkatapos mong basahin ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Nailalarawan mo ang pagkakakilanlang heograpikal ng Pilipinas:

- (a) Heograpiyang Pisikal (klima, panahon, anyong lupa at anyong tubig)
- (b) Heograpiyang Pantao (populasyon, agrikultura, at industriya)



Anong uri ng klima at panahon mayroon sa Pilipinas? Anong mga anyong lupa at anyong tubig ang matatagpuan dito? Ano-ano ang heograpiyang pantao sa ating bansa? Sikaping alamin sa pamamagitan ng pagsagot at pagbasa sa mga impormasyon at gawaing nakapaloob sa modyul na ito.



Subukin

A. Basahin ang mga sumusunod na pahayag at piliin ang titik ng wastong sagot. Isulat ang sagot sa iyong sulatang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.

1. Ang sumusunod ay mga dahilan ng pag-init at paglamig ng atmospera. Alin dito ang HINDI kabilang?
 - A. araw at gabi
 - B. pagsikat ng buwan
 - C. epekto ng *monsoon*
 - D. tindi ng sikat ng araw
2. Kung ang PANAHAON ay tumutukoy sa pang-araw-araw na kalagayan ng atmospera, ano naman ang ibig sabihin ng KLIMA?
 - A. init o lamig ng atmospera
 - B. paggalaw ng hangin mula sa mababa patungo sa mataas na presyur
 - C. taglay na halumigmig ng atmospera
 - D. kondisyon ng panahon sa loob ng mahabang panahon
3. Sa kabuuan, ang klima ng Pilipinas ay _____.
 - A. mainit
 - B. malamig
 - C. tropikal
 - D. maulan
4. Ano ang posibleng dahilan kung bakit maraming iba't ibang halaman at hayop ang matatagpuan sa Pilipinas?
 - A. Mahilig ang mga Pilipino sa mga halaman.
 - B. Madaling tumutubo ang mga ito sa Pilipinas.
 - C. Mahaba ang tag-araw sa bansa at angkop sila dito.
 - D. May matabang lupa at angkop ang klima ng Pilipinas sa mga ito.

5. May dalawang uri lamang ng panahon sa ating bansa. Ano ang mga ito?

- A. tag-ulan at tag-araw
- B. tag-araw at tagsibol
- C. tagsibol at taglagas
- D. tag-ulan at tagsibol

B. Kilalanin kung anong anyong lupa ang tinutukoy ng mga pahayag. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa iyong sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.

bulkan	talampas	kapatagan
	lambak	burol

1. Ito ay isang mataas na anyong lupa ngunit mababa sa bundok. Karaniwang may hugis na pabilog.
2. Ito ay isang patag na lupa na mainam gawing taniman ng mga palay, gulay, at prutas.
3. Ito ay isang patag na lupa sa pagitan ng dalawang bundok o burol.
4. Ito ay isang malawak na patag na lupa na nasa mataas na lugar. Mainam pastulan ng baka, kalabaw, at iba pang hayop.
5. Ito ay anyong lupang maaaring magbuga ng gas, lahar, bato, nagbabagang putik at iba pa.

C. Tukuyin kung ano ang inilalarawan sa bawat bilang. Gamiting gabay ang mga titik sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.

1. Ito ay isang anyong tubig na nanggagaling sa ilalim ng lupa.

B		K		L
----------	--	----------	--	----------

2. Ito ay isang makitid na kanal na nag-uugnay sa dalawang malalaking anyong tubig.

	I	P		T
--	---	---	--	---

3. Ito ang pinakamalaking anyong tubig sa buong mundo.

K		R			A	T		N
---	--	---	--	--	---	---	--	---

4. Ito ay isang mahaba at makitid na anyong tubig na umaagos mula sa mga sapa o bukal.

	L		G
--	---	--	---

5. Ito ay malaking anyong tubig ngunit mas maliit kaysa sa karagatan.

D		G		T
---	--	---	--	---

D. Isulat ang P kung ang tinutukoy ay POPULASYON, A kung AGRIKULTURA, o I naman kung tungkol sa INDUSTRIYA. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.

1. Ito ay ang iba't ibang uri ng produksiyon o pagmamamanupaktura ng mga produkto, kalakal o maging paglilingkod.
2. Nagbibigay ito ng kaunlaran sa ekonomiya ng bansa.
3. Ito ay bilang ng mga tao na naninirahan sa isang tiyak na lugar o rehiyon.
4. Ito ay katipunan ng mga tao.
5. Ito ay ang pagpaparami ng mga gawaing pamproduksiyon gaya ng pagpaparami ng mga hayop, halaman, at iba pa. Ito ay nakabatay sa pisikal na kalagayan ng isang lugar.

Aralin**1****Heograpiyang Taglay,
Biyayang Tunay***Balikan*

Lagyan ng tsek (/) kung ang pahayag ay tungkol sa ugnayan ng lokasyon ng Pilipinas sa heograpiya nito at ekis (x) naman kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.

- _____ 1. Ang heograpiya ay naglalarawan ng anyo ng mundo o daigdig at ng pamumuhay dito.
- _____ 2. Ang heograpiyang lokasyon ay isang mahalagang sangkap ng isang bansa na makaaapekto sa pag-unlad ng ekonomiya, politika, at mga polisyang pang militar.
- _____ 3. Ang heograpiya ang nagbibigay ng sariling katangian sa mga bansa at nagdudulot ng iba't ibang kapaligiran.
- _____ 4. Ang lokasyon ng Pilipinas ay maganda at estratehikong-daanan ng mga sasakyang pandagat at panghimpapawid kaya naging sentro ng kalakalan sa Pasipiko at Asya.
- _____ 5. Mahalaga at malaki ang bahaging ginagampanan ng Pilipinas sa pandaigdigang kaligtasan dahil sa estratehiyang lokasyon nito na angkop sa pagdedepensa laban sa pananalakay ng mga bansa sa silangan.



Tuklasin

Kaya mo bang ilarawan ang lugar na tinitirahan mo? Mailalarawan mo ba ito? Hmm...

Tingnan natin. Subukin mong iguhit ang iyong kapaligiran sa pamamagitan ng pagsunod sa mga gabay na tanong sa ibaba. Kaya mo bang gawin ito sa loob ng 5 minuto?

1. May nakikita ka bang bundok, burol o kaya bukal?
2. May ilog, dagat o kaya bukal na pinagkukunan nyo ng tubig?
3. Madalas bang umuulan sa inyong lugar? o kadalasang mainit dito?
4. Marami ka bang taong nakikita sa inyong lugar?
5. Ano ang kadalasang hanapbuhay ng mga tao sa inyong lugar?





Kumusta? Naiguhit mo ba ang iyong kapaligiran? Kung Oo ang iyong sagot, magaling! Makatutulong ito sa pag unawa mo sa bagong aralin.




Suriin

Pag-aralan at unawain ang mga grapikong presentasyon sa ibaba. Gawin sa loob ng 15 minuto.





Ang klima ay ang pangkalahatang kalagayan ng panahon sa isang lugar samantalang ang panahon naman ay tumutukoy sa kalagayan ng kapaligiran. Upang malaman ang klima ng isang lugar o bansa, mahalagang matukoy ang lokasyon, topograpiya o paglalarawan ng katangian ng isang lugar at hangin at katubigang mayroon ito. Pag-aralan mo ang globo at teksto sa ibaba. Ano ang ipinahihiwatig nito?



Ang Mababang Latitud ay tinatawag na Rehiyong Tropikal. Nakararanas ng panahon na tag-init at tag-ulan ang rehiyong ito.

Ang Gitnang Latitud naman ay tinatawag na Rehiyong Temperate may 4 na uri ng panahon, ang tagsibol, tag-init, taglagas at taglamig.

Tinatawag naman ang Mataas na Latitud bilang Rehiyong Polar na napapaligiran ng yelo sa buong taon kung kaya meron itong malamig na panahon.

Ang klima ng bansa ay nakabatay sa kinalalagyan nito sa mundo. Ang Pilipinas ay malapit sa ekwador at nasa mababang latitud kaya't tropikal ang klima dito. Matinding sikat ng araw ang nararanasan dito dahil direkta itong nasisikatan ng araw. Ngunit dahil sa pagiging insular o maritima nitong bansa o napapaligiran ito ng mga katubigan tulad ng Bashi Channel sa hilaga, Celebes Sea at Sulu Sea sa timog, West Philippine Sea sa kanluran at Karagatang Pasipiko at Dagat Pilipinas sa silangan ay nakararanas pa rin ng malamig na klima na nagmumula sa hangin galing sa Karagatang Pasipiko at Dagat Kanlurang Pilipinas.


Nararanasan din ang iba't ibang klima sa Pilipinas dahil sa iba't ibang salik tulad ng temperatura, taas ng lugar, galaw ng hangin, at dami ng ulan. Kung kaya may apat na uri ng klima ang Pilipinas ayon sa dami ng ulan. Dahil sa mainam na klima ng Pilipinas, iba't ibang hayop at halaman ang nabubuhay dito.

Anyong Lupa



Kapatagan

- Ang kapatagan ay malawak na lupain na patag at mababa.
- Isa sa mga kilalang kapatagan ng bansa ang Kapatagan ng Gitnang Luzon.




Bundok

- Ang bundok ay ang pinakamataas na anyong lupa.
- Ang pinakamataas na bundok sa bansa ay ang Bundok Apo (Davao).
- Ang pinakamahabang hanay ng bundok sa Pilipinas ay


ang Sierra Madre na nasa Gitnang Luzon ngunit ang kahabaan nito ay umaabot hanggang sa Timog Luzon.

Nasasakop nito ang mga lalawigan ng Cagayan, Isabela, Nueva Vizcaya, Nueva Ecija, Quirino, Aurora, at Quezon. Ang pinakamataas na tuktok na nararating sa Sierra Madre ay mga 2 000 metro mula sa pantay-dagat.



Burol

- Ito ay mataas na bahagi ng lupa ngunit mas mababa sa bundok.
- Pabilog ang hugis ng itaas nito
- Pinakatanyag sa mga burol sa bansa ang Chocolate Hills na matatagpuan sa Carmen, Bohol.



Talampas

- Ito ay mataas na bahagi ng lupa ngunit patag ang ibabaw.
- Ang Lungsod ng Baguio sa Benguet na matatagpuan sa gawing hilaga ng Luzon ang pinakatanyag na talampas sa bansa



Bulkan

- Isang mataas na anyong lupa na may bunganga sa tuktok nito. Minsan nagiging aktibo ang isang bulkan at ito ay pumuputok. Nagbubuga ito ng kumukulong putik, abo, at malalaking bato.


- Ang Bulkang Mayon ang pinakatanyag na bulkan sa Pilipinas (Legazpi, Albay)
- Ang Bulkang Taal ang pinakamaliit na bulkan sa Pilipinas (Talisay, San Nicolas, Batangas)



Lambak


- Ang lambak ay patag na lupa sa pagitan ng bundok.
- Ang Lambak ng Cagayan sa Hilagang Luzon ay isang halimbawa nito.
- Ito ay binubuo ng mga lalawigan ng Cagayan, Isabela, Nueva Vizcaya, at Quirino.
- Ito ay nasa pagitan ng Bundok Sierra Madre sa baybay ng Karagatang Pasipiko at Bundok Cordillera sa kanluran.

Source: Araling Panlipunan 4 Learner's Material, pp. 53-55



Source: Araling Panlipunan 4 Learner's Material, pp. 57-62

Heograpiyang Pantao



AGRIKULTURA



Agrikultura- ito ay ang pagpaparami ng mga gawaing pamproduksiyon gaya ng pagpaparami ng mga hayop, halaman at iba pa. Ito ay nakabatay sa pisikal na kalagayan ng isang lugar

Paghahalamanan

Paghahayupan



Panggugubat

Pangingisda

Kilala ang Pilipinas bilang isang agrikultural na bansa. Kung kaya, ang isa sa nangungunang gawaing pangkabuhayan sa bansa ay pagsasaka. Sadyang malawak ang taniman dito. Tinatayang nasa 35 bahagdan ang sinasakang lupain sa Pilipinas. Ang kabuhayang ito ay mahalaga dahil nagmumula sa lupa ang mga produkto na pangunahing pangangailangan ng tao para patuloy na mabuhay. Kung liliit ang produksiyon, maaapektuhan ang taong bayan at ang bansa.

INDUSTRIYA

Ito ay ang iba't ibang uri ng produksiyon o maaari ring pagmamanupaktura ng mga produkto o kalakal maging sa serbisyo.





Maraming kahalagahan ang industriya. Ito ay nagbibigay ng trabaho sa mga tao. Dahil sa industriya umuunlad ang ekonomiya ng isang lugar dahil sa mga produktong napoproseso gamit ang makabagong teknolohiya.





Maaari mong mailarawan ang industriya sa ganitong pamamaraan.



Pagyamanin

Gawain 1

A. Iguhit ang ★ kung ang pangungusap ay tama at ☾ naman kung ito ay mali. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.

1. Ang klima ng bansa ay nakabatay sa kinalalagyan nito sa mundo.
2. Ang Pilipinas ay nakararanas ng tatlong uri ng klima.
3. Ang Pilipinas ay nakararanas ng higit na init at sikat ng araw dahil direkta itong nasisikatan ng araw.
4. Dahil sa mga nakapaligid na bahaging tubig sa Pilipinas kaya may kainaman ang klima nito.

5. May dalawang uri ng klima ang Pilipinas ayon sa dami ng ulan.

B. Tukuyin ang inilalarawang konsepto sa bawat bilang. Gamitin ang gabay na titik sa kahon sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.

1. Ang latitud kung saan matatagpuan ang Pilipinas.

M				B	
----------	--	--	--	----------	--

2. Klimang mayroon sa Pilipinas dahil sa direkta itong nasisikatan ng araw.

	R						L
--	----------	--	--	--	--	--	----------

3. Ang dalawang uri ng klima sa Pilipinas.

T		G				T
----------	--	----------	--	--	--	----------

T			U		A	
----------	--	--	----------	--	----------	--

4. Ang pangkalahatang kalagayan ng panahon sa isang lugar na may kinalaman sa atmospera.

K			M	
----------	--	--	----------	--

5. Ang uri ng klimang nararanasan ng bansa dulot ng hanging nagmumula sa Karagatang Pasipiko at Dagat Kanluran Pilipinas.


	A		L			G
--	----------	--	----------	--	--	----------

Gawain 2

A. Basahin ang mga pangungusap. Lagyan ng TSEK (/) kung wasto ang kaisipan sa bawat pangungusap at EKIS(X) naman kung ito ay hindi wasto. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.

1. Napapaligiran ng tubig ang isang pulo samantalang napapaligiran naman ng lupa ang lawa.
2. Mas mababa ng konti ang bundok kaysa sa burol.
3. Kung napapaligiran ng lupa ang golpo na nasa bukana ng dagat, bahagi naman ng dagat na nakapaloob sa baybayin ang karagatan.
4. Kung ang bukal ay tubig na nagmumula sa ilalim ng lupa, ang ilog naman ay tubig mula sa mataas na lugar at bumabagsak paibaba.
5. Ang look at tsanel ay parehong bahagi ng ilog.

B. Tukuyin ang tamang sagot sa mga tanong na nasa katawan ng *caterpillar*. Gamitin ang gabay na titik sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.



1.

B			D		K	
---	--	--	---	--	---	--
2.

	A	W	
--	---	---	--
3.

B				B			D				N
---	--	--	--	---	--	--	---	--	--	--	---
4.

P			O
---	--	--	---
5.

	A	P		T				N
--	---	---	--	---	--	--	--	---

Gawain 3

OLA, LETRA KARAMBOLA!

Ayusin ang mga ginulong titik sa kaliwa bago ang bilang upang makuha ang tinutukoy na sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Gawin sa loob ng 5 minuto.

erghoaipay

1. Ang _____ ay tumutukoy sa pag-aaral ng mga lugar at ang kaugnayan nito sa pamumuhay ng mga tao at sa kapaligirang kanilang ginagalawan.

ilmak

2. Nararanasan ang iba't ibang _____ dahil sa kinalalagyan nito sa mundo.

ltduita

3. Dahil ang Pilipinas ay malapit sa ekwador at nasa mababang _____ kaya't tropikal ang klimang nararanasan sa bansa.

aptnaaka


4. Ang Rehiyon III ay tinatawag na Kapatagan ng Gitnang Luzon, dahil ito ang pinakamalawak na _____ sa buong bansa.

orapigyapto

5. Ang iba't ibang _____ sa bawat lugar ay ang dahilan kung bakit magkakaiba ang bilang ng tao sa bawat rehiyon.

HULA KRAYOLA

Piliin sa mga salita mula sa krayola ang tamang sagot sa mga pahayag na nasa kanang bahagi nito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.



1. Ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mga Pilipino.

2. Ang rehiyong may pinakamakapal na populasyon sa bansa sa kasalukuyan.

3. Ito ang pangunahing dahilan ng pagdami ng mga naninirahang tao sa isang lugar.


4. Ang bilang ng taong naninirahan sa isang lugar.

5. Ito ay tumutukoy sa iba't ibang uri ng produksiyon na nagbibigay trabaho sa mga mamamayan ng bansa.




Isaisip


Ayusin ang pagkasunud- sunod ng mga pahayag upang makabuo ng isang talata tungkol sa heograpiya ng Pilipinas. Isulat ang nabuong maikling talata sa sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.




anyong tubig, ang uri ng klima na mayroon sa isang lugar,




upang malaman ang iba't ibang anyong lupa at



ang paraan ng pamumuhay ng mga mamamayan nito.



kasama rin ang populasyong bumubuo dito maging




Ang pag-aaral ng heograpiya ng Pilipinas ay mahalaga

Sagot:



Isagawa

Buoin ang *graphic organizer* sa pamamagitan ng pagtatala ng mga anyong tubig at anyong lupa na makikita sa iyong sariling lugar. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel. Gawin sa loob ng 8 minuto.






Tayahin

A. Basahing mabuti ang katanungan. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel. Gawain sa loob ng 5 minuto.

1. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan sa klima ng Pilipinas?
 - A. basa, tuyo at mahalumigmig
 - B. taglagas
 - C. tagsibol at malamig
 - D. taglamig
2. Bakit nakararanas ng malamig na klima sa bansa?
 - A. dahil dinadaanan ito ng bagyo.
 - B. dahil napapaligiran ito ng mga bahaging tubig.
 - C. dahil mabundok dito.
 - D. dahil nasa mababang latitud ito.
3. Nasa mababang latitud ang Pilipinas kaya _____ ang sikat ng araw na natatanggap nito.
 - A. pahilis
 - B. direkta
 - C. paikot
 - D. pababa
4. Alin sa mga sumusunod ang dahilan kung bakit nakararanas ng iba't ibang klima ang Pilipinas?
 - A. dahil sa kinalalagyan nito sa mundo.
 - B. dahil sa mabundok itong bansa.
 - C. dahil sa iba't ibang salik tulad ng temperatura, taas ng lugar, galaw ng hangin at dami ng ulan.
 - D. dahil sa napapaligiran ito ng mga bansa.

5. Ang Pilipinas ay napapaligiran ng mga pangunahing anyong tubig gaya ng karagatan, dagat, golpo, tsanel, at kipot dahil ang bansa natin ay isang ____.
- A. malaking kontinente
 - B. napapaligiran ng malalaking bansa
 - C. kapuluan
 - D. lahat ng nabanggit

B. Punan ang graphic organizer ng pagkakakilanlang heograpikal ng Pilipinas. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel. Gawin sa loob ng 7 minuto.





Karagdagang Gawain

Gawain A

Ayusin ang pagkakasunod-sunod ng mga titik sa loob ng *callout* at isulat ito sa patlang ng bawat bilang upang mabuo ang pangungusap. Gawin sa loob ng 5 minuto.

1. Ipinaguguhit sayo ng iyong guro ang anyo ng Pilipinas kaya iguguhit mo ang _____ nito.

apiyaoptogr

2. Ang Koronadal at Cagayan ay mga lugar na patag at napapaligiran ng bundok kaya ito ay tinatawag na isang _____.

mkalba

3. Kung ilalarawan mo ang anyo ng Pilipinas, masasabi mong ito ay _____.

aukbnodm

4. Nagkakaroon ng taunang pagbibilang ng tao sa isang lugar para matukoy ang _____ nito.

poupaynsol

5. Ito ay isang mataas na anyong lupa na may bunganga at nagbubuga ng malalaking bato, putik at abo.

bkalnu

Gawain B

Gumuhit o gumawa ng poster na naglalarawan ng iyong kapaligiran. Ipakita ang ugnayan ng mga salik pangheograpiya. Ilagay ang iyong lagda sa gawing ibaba ng poster. Gawin ito sa *short bond paper* sa loob ng 10 minuto.



Rubriks sa Paggawa ng Poster

Puntos	Deskripsyon
5	Nakagawa ng isang malinis at masining na poster na naglalarawan ng kapaligirang kinabibilangan at nagpapakita ng angkop na angkop na ugnayan ng mga salik pangheograpiya.
4	Nakagawa ng isang malinis at masining na poster na naglalarawan ng kapaligirang kinabibilangan at nagpapakita ng angkop na ugnayan ng mga salik pangheograpiya.
3	Nakagawa ng isang malinis at masining na poster na naglalarawan ng kapaligirang kinabibilangan at nagpapakita ng ugnayan ng mga salik ng pangheograpiya.
2	Nakagawa ng isang malinis at masining na poster na naglalarawan ng kapaligirang kinabibilangan at nagpapakita ng maliit na ugnayan ng mga salik pangheograpiya.
1	Nakagawa ng isang malinis at masining na poster na naglalarawan ng kapaligirang kinabibilangan ngunit walang kaugnayan ang bawat salik ng heograpiya.



Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin</p> <p>A</p> <p>1. A 2. B 3. B 4. C 5. A</p> <p>B.</p> <p>1. Heograpiyang Piskalil 2. Klima 3. panahon 4. anyong lupa 5. anyong tubig 6. Heograpiyang pantao 7. Populasyon 8. Agrikultura 9. Industriya</p> <p>ISAIPI</p> <p>Ang pag-aaral ng heograpiya ng Pilipinas ay mahalaga upang malaman ang iba't ibang anyong lupa at anyong tubig, ang uri ng klima na mayroon sa isang lugar kasama rin ang populasyong bumubuo dito maging ang paraan ng pamumuhay ng mga mamamayan nito</p> <p>KARAGDAGANG GAWAIN</p> <p>A.</p> <p>1. Topograpiya 2. Lambak 3. Mabundok 4. Populasyon 5. Bulkan</p> <p>B.</p> <p>Gamitin ang rubrik sa pagbibigay ng puntos sa ginawang poster.</p>	<p>Pagyamanin</p> <p>1-A</p> <p>1. 2. 3. 4. 5. </p> <p>1-B</p> <p>1. Mababa 2. Tropikal 3. Tag-init 4. Klima 5. Malamig</p> <p>2-A</p> <p>1. / 2. X 3. X 4. X 5. X</p> <p>2-B</p> <p>1. Bundok 2. Lawa 3. Bulubundukin 4. Pulo 5. Kapatagan</p> <p>3-A. OLA LETRA KARAMBOLA</p> <p>1. Heograpiya 2. Klima 3. Latitud 4. Kapatagan 5. Topograpiya</p> <p>3-B. HULA KRAYOLA</p> <p>1. Pagsasaka 2. CALABARZON 3. Hanapuhay 4. Populasyon 5. Industriya</p>	<p>Subukin</p> <p>A.</p> <p>1. A 2. A 3. C 4. D 5. A</p> <p>B.</p> <p>1. Buroi 2. Kapatagan 3. Lamak 4. Talampas 5. Bulkan</p> <p>C.</p> <p>1. Bukal 2. Kipot 3. Karagatan 4. Ilog 5. Dagat</p> <p>D.</p> <p>1. Industriya 2. Industriya 3. Populasyon 4. Populasyon 5. Agrikultura</p> <p>BALIKAN</p> <p>1. / 2. / 3. / 4. / 5. /</p> <p>TUKLASIN</p> <p>Depende ang sagot sa naiugnait ng mag-aaral.</p>
--	---	---

Sanggunian

Ma. Corazon V. Adriano, Marian A. Caampued, Charity A. Capunitan, Walter F. Galarosa, Noel P. Miranda, Emily R. Quintos Belen P. Dado, Ruth A. Gozun, Rodante S. Magsino, Maria Lucia L. Manalo, Jose B. Nabaza, Evelyn P. Naval, Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang, Unang Edisyon 2015 Kagamitan ng Mag-aaral, Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), pp. 21-37, pp. 53-93

Vladivostock, Philippines map silhouette isolated vector image,
<https://www.vectorstock.com/royalty-free-vector/philippines-map-silhouette-isolated-vector-28801344>

MGA LARAWAN SA INDUSTRIYA

Lmproulx, Illustration of a factory, Illustration of a factory with a transparent background.,
http://www.publicdomainfiles.com/show_file.php?id=13504598411893, October 17, 2012

Юкaтaн, New buildings on Namir bvrđ Tel Aviv - 01.jpg,
https://commons.wikimedia.org/wiki/File:New_buildings_on_Namir_bvrđ_Tel_Aviv_-_01.jpg, 4 September 2015, 09:44:58

Judgefloro, 0578jfTagumpay Tabuating Schools San Leonardo Nueva Ecijafvf15.JPG,https://commons.wikimedia.org/wiki/File:0578jfTagumpay_Tabuating_Schools_San_Leonardo_Nueva_Ecijafvf_15.JPG, 10 July 2015, 14:41:19

ESO, New Technology Telescope (NTT).jpg,
[https://commons.wikimedia.org/wiki/File:New_Technology_Telescope_\(NTT\).jpg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:New_Technology_Telescope_(NTT).jpg), 3 December 2009, 23:19:50

Tsaoja, Industry5.svg,
<https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Industry5.svg>, 18:36, 7 February 2016

RoyKabanlitRoyKabanlit, Philippine Air Force UH-1 Huey.jpg,
https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Philippine_Air_Force_UH-1_Huey.jpg, 30 August 2015

Crayon outline B&W, <https://www.abcteach.com/documents/clip-art-crayon-outline-bw-i-abcteachcom-25977>

<https://www.phivolcs.dost.gov.ph/index.php/2-uncategorised/178-apo-volcano>

APO, Philippine Institute of Volcanology and Seismology,
<https://www.phivolcs.dost.gov.ph/index.php/2-uncategorised/178-apo-volcano>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph